

1

Nakahinga nang maluwag si Bernadette ‘Adette’ Rodriguez habang binabasa ang acknowledgment receipt na ipinadala ng isang client. Natanggap na raw nito ang kanyang memo, kaya wala na siyang problema.

Iginala niya ang mga mata sa paligid ng opisina at napagtantong siya na lamang pala ang naroroon. Alas seis na pala. Dapat ay kanina pa siya umuwi, ngunit kinailangan niyang tapusin ang lahat ng mga accounts na inendorso sa kanya dahil kinabukasan ay iba na ang magiging trabaho niya.

Inayos niya ang kanyang mga gamit at nagmamadali siyang lumabas ng opisina. Pagdating niya sa lobby ay hindi niya inakalang masasalubong niya roon ang may-ari ng bangko na pinapasukan niya—si Vincent Villaroel.

“Adette, you’re still here?” anito bago pa niya ito mabati. Sa halos isang libong empleyado ng bangko ay kilala siya nito dahil parati siyang pumupunta sa office nito para magpapirma.

“Good evening, Sir. May mga inayos po kasi ako

para hindi mahirapan 'yung kapalit ko bukas.”

“I see,” anito at kinamayan siya. “Congratulations sa promotion mo, ha. You’re a very hardworking accountant so you really deserve that promotion more than anybody else.”

“Thank you po, Sir. Sige po, uwi na po ako. Delikado po kasi kapag masyado akong ginabi.”

“I’ll see you tomorrow then. Take care.”

Ngumiti siya at muling nagpasalamat bago niya ito tinalikuran. Nang mapansin niyang nakatingin sa kanya ang mga dumadaang empleyado roon ay sandali siyang napatigil. Sa mapagsuspetsang mga mata ng mga ito ay alam niyang naiinggit ang mga ito sa kanya dahil parati siyang kinakausap ng big boss.

Guwapo si Vincent, matangkad at maganda ang pangangatawan, kaya maraming babaeng nagkakagusto rito, ngunit parang wala itong interes. Ni minsan, sa isang taon niyang namamasukan sa bangko, hindi pa niya ito nakitang nagdala ng babae roon at wala rin itong niligawan sinuman sa naggagandahang mga dalaga sa opisina. May lumabas noon na haka-hakang siguro ay isa itong bakla, ngunit wala ring prueba para maniwala sila sa balita.

Sinuwerte siyang makasakay ng taxi, ngunit sa kasamaang-palad ay tumanggi ang driver na pumasok sa eskinita.

“Kuya, sige naman na po,” halos magmakaawa pa siya rito. “Malayo pa po ’yung apartment ko, eh. Andilim na po. Nakakatakot maglakad d’yan nang mag-isa.”

“Eh, Miss, pasensya ka na mas delikado sa akin na pumasok diyan. Basta’t dumadaan ako diyan ay binabato nila itong taxi. Buti sana kung sa akin. Ako na naman ang magbabayad kapag may nabasag na salamin.”

“Hindi naman po tayo aabot sa tambayan.”

“Kahit na. Masikip ang eskinita at hindi ako makakabuwelta pabalik. Mapipilitan din akong dumerecho doon.”

Bumuntong-hininga si Lena at dumukot ng dalawang daan. Hindi na niya ito mapipilit dahil takot talaga ang mga taxi drivers na pumasok sa eskinitang iyon. Kasalanan iyon ng mga tambay roon na naglalasing at nambabato ng mga sasakyang dumadaan kapag gabi.

Magulo talaga sa tinitirhan niyang lugar na iyon. Parating may nakawan, pero wala pa siyang narinig

na patayan. Balita pa nga niya ay naroon daw ang secret drug den ng mga sindikato, pero hindi niya alam kung totoo iyon. Mura kasi ang upa roon, kaya napilitan sila ng pinsan niyang si Gracie na doon na muna tumira, ngunit ngayong tumaas na ang kanyang suweldo ay maghahanap na lang sila ng malilipatan.

“Kahit isang daan na lang, Miss,” anang driver na ibinalik sa kanya ang isang daan. “Nakakahiya, hindi naman kita naihatid sa pupuntahan mo.”

Tiningnan niya ang metro bago tinanggap ang pera. Twenty pesos ang nilibre nito sa kanya. “Salamat po,” sagot niya at lumabas ng taxi.

“Pasensya na ulit, ha.”

“Okay lang po ‘yun, Kuya.”

Pumasok na siya sa eskinita, at napansin niyang inilawan pa ng driver ang kanyang daanan. Napangiti siya. Mabait naman pala ang mamang iyon. Takot lang siguro talaga sa mga tambay roon.

Pagliko niya ay wala na ang ilaw. Wala pa man ding buwan, kaya ilang beses na nasalat ang takong niya sa baku-bakong daanan.

Suddenly, something brightened her way. Paglingon niya ay nakita niya ang isang kotse na

paparating. Sa isip niya ay malas ito at siguradong basag ang salamin nito bago makalabas sa eskinitang iyon.

Tumabi siya para bigyang-daan ito, ngunit nagtaka siya nang hindi ito umandar.

“Bahala ka,” aniya sa sarili at nagpatuloy sa paglalakad. Maganda nga iyon at nang may ilaw siya.

Umandar ulit ang kotse. Muli siyang tumabi, ngunit muli rin itong huminto. Nagtataka na siya at nag-umpisa na siyang kabahan. May trauma siya sa ganitong sitwasyon. Noon kasing nasa college siya ay minsan siyang sinundan ng isang kotse, at nang tumapat ito sa kanya ay bigla siyang hinila ng isang lalaki. Mabuti na lamang at may nakakita sa kanya na isang matanda at nagsisigaw ng tulong. Nagdatingan ang mga tambay sa kanto, kaya mabilis na tumakas ang salarin. Sa bagay na iyon ay nagpapasalamat siya sa mga tambay na wala nang ginawa sa buong hapon at gabi kundi mag-inuman. May silbi rin pala ang mga ito paminsan-minsan.

Biglang lumakas ang kabog sa kanyang dibdib, kaya binilisan niya ang kanyang hakbang. Kung kidnapper man iyon ay walang tutulong sa kanya dahil malayo pa ang kanto at wala pa ni isang bahay roon. Tanging ang maliit na eskuwelahan lamang

ng elementarya ang building na makikita sa gawing iyon, ngunit wala na rin ang mga mag-aaral at guro dahil malalim na ang gabi.

Inilabas niya ang kanyang cellphone para sana tawagan si Gracie, ngunit sa malas ay low battery na siya. Nangapa siya sa loob ng kanyang bag, subalit ang wallet at face powder lamang ang naroon. Wala siyang mahagilap doon ni anuman na maaari niyang gamiting pamprotekta sa sarili.

“Miss?”

Nagulat si Adette sa narinig na boses ng lalaki. Sa gilid ng kanyang mga mata ay nakita niya itong lumabas ng kotse at sumunod sa kanya.

Binilisan pa niya ang paglalakad na halos tumatakbo na siya, hanggang sa nakakita siya ng maiksing bakal na tubo sa daanan.

“Miss, sandali lang.”

Kahit hindi niya makita ay dama niyang nasa likuran na niya ito mismo. Hustong nasa tapat na siya ng tubo. Mabilis niya iyong pinulot at nang maramdaman na may humawak sa kanyang braso ay inihampas niya ang bakal dito. Nasapul niya ito sa batok at bigla itong napaluhod sa daanan.

Akala niya ay walang kuwenta ang ginawa niya dahil nakaya pa rin nitong gumapang. Hawak nito ang noo na pilit ginigising ang sarili, ngunit ilang saglit lamang ay bigla itong bumagsak at nawalan ng malay.

Noon lamang lumiwanag ang kanyang paningin at napansing parang isang matangkad na ginoo ang kanyang nabiktima. Nakasuot ito ng three-piece suit at nakaayos nang husto ang buhok. Wala sa hitsura nito ang kidnapper na inaakala niya. Diyata't kaya siya nito sinundan ay dahil may itatanong lamang ito?

Binitiwang niya ang tubo at dahan-dahang lumuhod sa tabi nito. Hesitantly, she touched the pulse at the back of his ear. She sighed in relief when she realized he was still alive, but cursed herself for her stupidity.

Tumayo siya at aalis na sana nang bigla siyang tamaan ng kanyang konsyensya. Hindi niya maaaring iwan dito ang estranghero. Baka kung ano pa ang mangyari rito, lalo na't mukhang mamahalin pa ang suot nitong relo. Siguradong nanakawan ito ng sinumang makakita rito at tatangayin din ang kotse nitong naiwang bukas ang pinto. Or worse, baka mamatay ito sa ginaw o magka-malaria sa kagat ng lamok.

Nagpasya siyang isakay ang lalaki sa kotse nito at hayaan itong manatili roon hanggang sa ito ay magising. But then she realized he was a big man, probably six feet tall and with a masculine physique. Hindi niya ito kakayaning buhatin na mag-isa.

Kinapa niya ang bulsa nito, at nang wala siyang nakitang cellphone doon ay pumunta siya sa kotse nito. Naroon ang kanyang hinahanap para makahingi ng tulong.

Ang mga pulis sana ang tatawagan niya, ngunit bigla siyang kinabahan. Baka siya ang kasuhan dahil sa ginawa niya sa lalaking iyon.

Naalala niya ang pinsan niyang si Gracie. Ito na lamang ang tatawagan niya. Siguradong hindi siya nito ipagkakanulo.

“Gracie,” she gasped when her cousin answered. “Si Adette ‘to.”

“O, ba’t iba ang number mo?” sagot nito sa kabilang linya. “Nas’an ka? Gabi na, ah. Kanina pa kita hinihintay. Nakapagluto na ako.”

“Gracie, I’m in big trouble. Punta ka ngayon dito. Kailangan ko ng tulong mo.”

“Ano? Bakit? Nasaan ka ba?” Nahimigan niya

ang pagtataka sa boses nito.

“Andito lang ako malapit sa school. Bilisan mo. Baka may makakita, lagot ako.”

“Bakit nga? Ano’ng nangyari?”

“Mamaya ka na magtanong. Punta ka na dito, please!”

“Sige, punta na ako diyan. Hanapin ko lang ’yung flashlight.”

Ibinaba niya ang cellphone at huminga nang malalim. Habang naghihintay ay hindi siya mapakaling paulit-ulit na dinarama ang pulso ng kanyang nabiktima. Ganoon na lamang ang pangamba niyang baka bigla itong malagutan ng hininga. Five minutes later, Gracie came running. Katulad ng kanyang inaasahan, nagulantang ito pagkakita sa lalaking nakahandusay sa daan.

“Oh, my God! Ano’ng nangyari diyan?” tanong nito, nakatayo ilang dipa mula sa lalaki. “Don’t tell me ikaw ang may gawa niyan?”

“Sinundan niya ako, eh. Akala ko kidnapper, kaya hinampas ko.”

“Ano? Are you crazy? Ano’ng inihampas mo sa kanya?”

Hinanap niya ang tubo at nang makita niya ay pinulot niya saka ipinakita rito. “Eto, o. Nalakasan ko yata, eh.”

“Diyos ko! Bakal ’yan, ah. Saan mo tinamaan? Sa ulo?”

Binitiwang ni Bernadette ang hawak na tubo at pilit inalala ang nangyari. “Hindi ko sigurado, eh. Tinamaan ko yata siya sa batok.”

“Oh, my God! Hawakan mo itong flashlight, titingnan ko.” Kinuha niya ang flashlight kay Gracie at lumuhod ito sa tabi ng lalaki. Inilawan niya ang ulo nito habang tinitingnan ng pinsan niya kung may anumang sugat. “Wala naman siyang sugat. Sa batok mo nga yata siya pinalo. Eto nga’t namamaga, o. Lagot ka, idedemanda ka niyan ng physical assault.”

“Ano ka ba? Huwag mo na nga akong takutin. Tulungan mo na lang ako, dalhin na muna natin siya sa apartment.”

“Ano? Iuuwi mo ito? Kapag nagising ’yan baka sakalin ka pa niya.”

“Ba’t mo naman kasi aaminin na ako ang humampas sa kanya?” asik niya.

“Pero nakita ka niya.”

“Hindi niya nakita ang mukha ko. Paggising niya, puwede nating sabihin na nakita lang natin siya sa daanan n’ung papauwi tayo. Sige na, kawawa naman ’to.”

“Ikaw ang bahala, pero ikaw dapat ang kumausap sa kanya paggising niya, ah. Hindi ako marunong mag-inarte.”

“Saka na natin isipin ’yan. Ialis na natin siya dito bago pa may makakita.”

Hindi na nagreklamo pa si Gracie at pinagtulungan nilang hilain ang higanteng lalaki papasok sa kotse nito. Nang nakaayos na ito sa backseat ay umupo sila sa harapan at siya ang nag-drive. May kotse ang dati niyang boyfriend at tinuruan siya kung papaano magmaneho, kaya ligtas silang nakarating sa apartment.

“Dito mo na iparada itong kotse,” anang pinsan na itinuturo ang tapat ng tindahan na matagal nang nakasara. Mga limampung metro iyon mula sa gate, ngunit doon na ang pinakamabisang lugar para pagparadahan.

“Makakaya kaya natin siyang buhatin hanggang doon?” tanong niya nang ihinto niya ang kotse.

“Impossible ’yun.” Binuksan nito ang pinto at

lumabas ng sasakyan bago sumagot. “Tawagin ko si Kokoy. Di ko kayang buhatin ’yan, ano! Mahulog pa tayo sa hagdanan.”

Tumango sa pagsang-ayon si Adette. Tama nga ang naisip ni Gracie. Malaki ang katawan ni Kokoy, kaya siguro nitong buhatin ang lalaking nakahiga sa likuran ng kotse.

Tinulungan naman sila ng lalaki na maipasok sa kanilang bahay ang walang malay-tao na estranghero. Bilang bayad, ibinigay niya rito ang isang daan na ibinalik kanina ng taxi driver at binilinan ito na huwag ipagsasabi kahit kanino. Nakangising inabot nito ang pera at tuwang-tuwang umalis.

Salubong ang mga kilay niyang ibinaba ang cellphone, wallet at susi na kinuha niya sa kotse ng lalaki. Mabuti nang mailagay niya sa safety iyon dahil baka sirain ng sinuman ang bintana ng kotse nito at nakawin ang mga iyon.

“Psst, Adette,” bulong ni Gracie na noon ay pinagmamasdan ang mukha ng estrangherong nakahiga sa kama. “Ang guwapo pala nitong biktima mo. Tingnan mo, heart-shaped pa ’yung hairline niya.”

Lumapit siya at tiningnan ang mukha nito.

Totoo nga ang sinabi ng pinsan, napakaguwapo pala ng lalaking iyon. Bukod sa hugis-pusong korte ng noo nito ay mahahaba ang pilik nito at matangos ang ilong. Bahagya ring nakabuka ang mamulamula nitong mga labi na parang bang nang-aakit mahagkan. Kahit nagulo ang hanggang tainga nitong bangs ay hindi iyon nakabawas sa kakisigan nito.

“Pero mag-ingat ka, baka tigre ’yan pag nagising,” tumatawang tukso ni Gracie na papalabas ng kuwarto.

“Saan ka pupunta?”

“Kukuha lang ako ng ice. Asikasuhin mo ’yan, kung hindi lagot ka.”

Unsure of what to do, she waited for her cousin to return. Tulad niya ay twenty-four years old ito at pareho silang nakapagtapos ng Accountancy, ngunit nag-Nursing ito ng one semester bago nag-shift, kaya mayroon itong medical background. Minalas nga lang at hindi ito natanggap sa bangko na pinapasukan niya ngayon, kaya nanatili itong payroll staff sa ospital.

“Hoy, huwag kang tumayo diyan, ’no!” Gracie said, holding a towel which held the ice cubes inside. “Tanggalin mo na ’yung damit niya. Paano natin mako-cold compress ’yung batok niya?”

She looked at her cousin with a sour expression.

“Ba’t ako?”

“Eh, sino ba’ng nang-agrabiyo diyan?”

Knowing that this whole thing was her fault, Bernadette slowly sat beside the man on the bed and hesitantly pulled his suit jacket sideward.

“Bilisan mo, matutunaw itong ice,” untag ng pinsan.

Mustering all the courage she could, she took a deep breath and quickly removed his jacket. The suit clung to him like a second skin that she had to lift his head up by holding his nape to get the thing off his arms. When she was done, she pulled his tie off his neck and opened three buttons of his dress shirt.

“Ayan, puwede na siguro,” aniya kay Gracie. Akala niya ay tutulongan na siya nito, ngunit iniabot lang nito ang ice pack sa kanya. “Paano ito?”

“Idiin mo sa batok niya sa ilalim ng unan. Don’t worry, hindi ’yan tutulo. Binalot ko ’yan ng plastic.”

Sinunod niya ang bilin nito, at nang naiayos na niya ang ice pack sa ilalim ng batok nito ay napansin niyang papalabas ulit ang babae. “Saan ka pupunta? Samahan mo ako dito.”

“Hay naku! Pagod ako sa work kanina, ’no!

Maaga pa ang pasok ko bukas.”

“Doon na rin ako sa kuwarto mo matulog. May pasok din ako bukas, eh.”

“Sorry, Sis, kailangan mong bantayan ang lalaking ’yan hanggang magising. Kapag gumalaw siya, kailangan mo uling ayusin ’yung ice sa batok niya. Kapag by midnight ay hindi pa siya nagkakamalay, I’m afraid kailangan mo na siyang dalhin sa ospital.”

Natakot si Adette na baka imbestigahan ang nangyari sa estranghero, ngunit wala siyang magagawa kung magkaganoon nga. Mabuti na iyong physical assault na kaso niya kaysa maging homicide pa.

Tumayo siya at bumuntong-hininga. Kahit siya man ay pagod na rin.

Taking her towel and clothes, she went to the bathroom and took a shower. Dahil may ibang tao sa kanyang silid, lalo na’t isa pang lalaki na hindi niya kilala, doon na rin siya nagbihis. Paglabas niya ay umurong nga sa gilid ang ice pack, kaya kinailangan ulit niya iyong ayusin.

Napangiti siyang tumitig sa mukha ng lalaki. Napaka-guwapo talaga nito, tipong maikukumpara niya kay Vincent. Sa gara ng kotse nito at sa mamahalin

nitong cellphone ay sigurado ring mayaman ito. Kapag naging boyfriend siguro niya ito ay kaiinggitan siya ng marami.

She looked down the opening of his shirt and saw a few curls of hair peeking out of his chest. Even through the dress shirt he wore, she could see the contour of tight muscles on his arms and chest. Naintriga siyang tingnan kung six-packed din ang abs nito, ngunit pinigilan niya ang kanyang sarili.

Hindi niya kilala ang lalaking iyon. He might be the most handsome man she had ever seen, but he may be dangerous. Besides, what could a man of stature be doing in a place like that? Kung may mga dumadaan mang magagarang kotse roon ay isang lugar lang ang pinupuntahan ng mga ito—sa malaking bahay na pinaghihinalang outlet ng drugs.

Tumayo siya at umupo sa couch sa paanan ng kama. Namimigat na ang talukap ng mga mata niya; pagod siyang manatiling gising. Minabuti niyang umidlip muna.

2

Nagulantang si Bernadette nang makarinig ng sigaw ng babae. Bigla niyang naibukas ang kanyang mga mata at natagpuan niya ang sariling nakatulog sa upuan. Pagsulyap niya sa bintana ay umaga na pala.

Tumayo siya at minasahe ang nangawit niyang leeg. Umagang-umaga ay binubulahaw siya ng babaeng iyon. Sino na naman kaya ang inaaway nito?

Pagbukas niya ng pinto ay halos mabingi siya sa lakas ng sigaw ni Mayang, ang dati niyang katrabaho na umuupa sa ikalawang unit mula sa kanya. Sa hinaba-haba ng corridor ay kung bakit dito pa ito nagsisigaw sa harapan niya.

“Ano na naman ba ’yan?” she asked, her voice still cracky. “Umagang-umaga binubulahaw mo’ng mga tao dito.”

Biglang huminto ang babae at tumingin sa kanya. “Ay, sorry, ha. Ito kasing lalaking ’to, eh, pinalo niya ’yung anak ko.”

“Dinidisciplina ko lang naman. Ano ba’ng masama doon?”

Tumingin si Adette sa nagsalitang lalaki. Noong isang buwan lamang ay kina-live in ito ni Mayang, ngunit mukhang magkakahiwalay na ngayon ang dalawa.

“Hoy! Ako ang nagpapalamon sa mga anak ko,” sumbat ni Mayang. “Hindi ko sila pinalaki para lang paluin mo.”

“Nagbibigay din naman ako ng pera sa ’yo, ah. N’ung nagkasakit ’yang bunso mo, ako ang nagbayad sa ospital.”

“Limang libo lang ’yun! Hindi limang libo ang halaga ng anak ko! Gusto mo, idemanda kita?”

“Puwede ba, Mayang,” sabad niya. “Doon na lang kayo sa bahay ninyo mag-away, huwag dito.”

“Ay, hindi na ’yan makakapasok sa bahay ko,” sagot ng babae at tumingin sa kalaguyo. “Ikaw, kunin mo na’ng mga damit mo at lumayas ka na. Hindi kita kailangan!”

“Mabuti pa nga at maghahanap na lang ako ng dalagang asawa, kaysa pinagtitiyagaan ko ang kagaya mong laspag na nga, ang sama pa ng ugali.”

“Hoy!” Lalong lumakas ang sigaw ni Mayang at sinundan ang lalaking pumasok sa unit. “Ang kapal-

kapal ng mukha mo! Sa pangit mong 'yan, sa tingin mo may papatol pa sa 'yo?"

Nakahinga nang malalim si Adette nang sa wakas ay pumasok ang dalawa sa unit ng mga ito. Naririnig pa rin niya ang sigaw ni Mayang, ngunit hindi na ganoon kalakas.

Nakakapanghinayang talaga ang dating katrabaho niya. Sayang ang ganda at talino nito. Receptionist ito noon sa bangkong pinapasukan niya, ngunit naterminate ito dahil nagpakabit ito sa isang manager na may-asawa na.

Hindi niya alam kung magbabago pa ang babae. Iniwan na nga ito ng asawa nito dahil kaliwa't kanan ang lalaki nito, ngunit mas lumala yata. Sa taong ito ay pangatlo na si Rocky na live-in partner nito.

Papaano naman kasi hindi papaluin ang mga anak nitong ubod ng salbahe? Ang babata pa'y ang gagaling nang magmura. Hindi dinidisciplina ni Mayang ang mga ito, at kapag kinurot lang ng ibang tao ang mga anak nito ay susugod ito na animo'y nabalian ng paa ang isa sa mga anak nito.

Isinara niya ang pinto at kumatok sa silid ni Gracie. Mantika rin kung matulog ang isang ito. Kahit bumubulahaw na ang mga kapitbahay ay hindi pa

rin ito magising. “Gising ka na diyan. Baka ma-late ka,” aniya rito na niyugyog ang balikat nito.

Pumunta siya sa kusina para sana magtimpla ng kape nang bigla niyang maalala ang lalaking inuwi niya nang nakaraang gabi.

“Oh, shit!” naibulalas niya at mabilis na pumasok sa kanyang kuwarto. Natulugan pala niya ito samantalang kabilin-bilinan ni Gracie na bantayan niya ito nang mabuti at dalhin sa ospital kung hindi pa nagising.

Naroon pa rin ang lalaki sa kanyang kama at hindi pa nga nagigising. Dahan-dahan niya itong nilapitan, at kahit kinakabahan siya, inilapat niya ang daliri sa pulso nito.

“Thank God!” she whispered when she felt a pulse. Ngunit dapat ay gising na ito.

Pinulot niya ang ice pack na nahulog na sa sahih at lalabas na sana para humingi ng tulong kay Gracie nang marinig niya itong umungol.

Tumigil muna siya at naghintay. Nang muli itong umungol, ibinaba niya ang maliit na towel sa upuan at yumuko sa lalaki. “Hello? Are you awake? Can you hear me?”

Zion could hear a sound of a drum, and it was coming closer and closer toward him. “Damn it! Stop that noise!” he grunted but it refused to leave him.

Nang tangkain niyang magmulat ng mga mata, nasilaw siya ng liwanag, kaya napilitan siyang muling pumikit. Sandaling hindi muna siya kumibo, pagkuwan ay dahan-dahan niyang binuksan ang mga mata.

Everything was white, and a beautiful face of an angel was looking down at him. *Did I just die? Is this heaven?*

Eventually, his vision cleared and he realized that the angel he thought was a real flesh of a woman. She had long, straight hair, deep-set eyes with long lashes, narrow-bridged nose and a pair of luscious red lips. She was simply gorgeous, probably the most beautiful face he had ever seen.

“Kumusta ka na?” narinig niyang tanong nito, her voice soft and sweet like a melody.

Pinilit niyang magsalita, ngunit napaungol na lamang siya sa naramdamang matinding sakit ng ulo. “Jesus! This headache is killing me,” he whispered.

Naramdaman niyang gumalaw ito sa kanyang gilid, at naramdaman na lamang niya ang mga daliri nitong minamasahe ang kanyang sentido. He sighed in relief. Her hands were so soft and so tender it was actually lifting the pain away.

“Do you feel better?” she asked.

“Yes. Thank you.”

Mayamaya ay nagmulat siya ng mga mata at napagtantong hindi na masyadong masakit ang kanyang ulo. Pinakawalan na siya ng babae at umupo nang maayos.

Tumingin siya sa paligid. Nothing looked familiar to him, but he was certain that this room was a girl’s room. Sa pink pa lang nitong pintura ay sigurado na siya roon. “Where am I?” he asked.

“You’re in my room,” sagot nitong nakangiti.

Tumingin siya sa mukha ng kausap. Maging ang napakagandang anghel na ito ay hindi pamilyar sa kanya. “Who are you?”

“The question is... who are you?”

He squinted. Nasasaktan pa rin ang mga mata niya mula sa ilaw na nanggagaling sa bintana. “W-why? What happened?”

“You don’t remember?”

He stopped to think. Wala siyang maalala kung paano siya napadpad doon. “No. How did I end up here?”

“Nakita ka namin sa eskinita na walang malay. Ano ba kasi’ng ginagawa mo sa ganitong lugar sa gan’ung oras? Hindi mo ba alam na natatakot ang mga taxi drivers na dumaan dito sa gabi kasi binabato ang mga sasakyan dito?”

Zion narrowed his eyes and thought deeper. Unti-unting gumuhit sa alaala niya ang isang babaeng nakita niyang naglalakad mag-isa sa dilim. Inilawan niya ito para makita nito ang daanan, hanggang sa naisipan niyang magtanong dito. He followed her, then on the process, she hit him with something hard on the nape.

“There was this woman,” he stated. “She just hit me for reasons I don’t know.”

Hindi nagsalita ang babaeng nakatanghod sa kanya na parang hinihintay ang susunod niyang sasabihin.

“Mag-isa ba akong nakita ninyo?”

Tumango ito. “Nakadapa ka sa eskinita, at

'yung kotse mo ay naiwan na bukas. Buti hindi ka ninakawan."

"Oh, thank God. Did you find my phone?"

"Yes, 'andito," sagot nito at may inabot sa kalapit na mesa. "And your wallet and your keys as well."

He smiled and reached for his phone. Napakabuting tao pala nitong tumulong sa kanya at hindi pinagkainteresan ang mga gamit niya. Kung ibang tao siguro ito ay ninakaw pati ang sasakyan niya at iniwan siya roon sa daanan. He could have been robbed and died right there if this woman didn't save him.

"What time is it?" tanong niya bago binuksan ang flip phone.

"It's a quarter past six. I almost thought you wouldn't wake up. Dadalhin na sana kita sa ospital."

Akala niya ay maaga pa, ngunit nang basahin niya ang appointment niya sa kanyang memo ay napabalikwas siya. May client pala siyang kailangang tagpuin mamayang eight thirty.

He growled when the piercing pain hit him again. Napahawak siya sa ulo at minasahe ang dalawang sentido.

“Pabigla-bigla ka kasing gumalaw, eh. Dahan-dahan lang,” he heard her say. “Ba’t ka ba nagmamadali?”

Mabagal siyang tumingin sa kausap. “I have an important appointment. I have to go,” aniya at bumaba ng kama. Pagtindig niya ay nawalan siya ng balanse at muling napaupo sa higaan.

“Sabi na, eh, hindi mo pa kaya,” the woman told him again, pacing around the bed until she knelt in front of him. “Magkape ka muna.”

Knowing that he needed a little more time to regain his strength, he nodded.

“Dito ka lang, ha. Dadalhan kita ng kape. O baka gutom ka na?”

“Kahit coffee na lang,” sagot niya, at narinig niya ang mga yabag nitong lumabas ng kuwarto.

Inangat niya ang ulo at iginalala ang paningin. Unang beses niyang matulog sa kuwarto ng isang babae, at hindi man lang niya ito kilala. Sinuwerte pa siya at napakaganda pa nito. Kung wala lang sana siyang kasintahan ay hindi siya magdadalawang-isip na ligawan ito.

She returned with a tray in her hands. Ibinaba

nito iyon sa mesa at iniabot ang isang tasa sa kanya. “Careful, it’s hot.”

He smiled and took a sip. Gusto niya ang timpla nito; hindi masyadong matamis. “Thank you. You’re very kind.”

Umupo ito sa tabi niya at humigop din ng kape. “Are you a businessman?” she asked.

“Sort of,” he answered. “I’m into realty. I buy properties, improve it, then sell it on a higher price.”

Tumango ito na parang na-amuse sa narinig. “Kung meron lang akong malaking capital, maganda rin sanang negosyo ’yan.”

Sang-ayon siya sa sinabi nito. Sa tinagal-tagal niya sa trabahong iyon ay alam niyang milyones ang kakailanganin para makapagsimula sa ganoong negosyo. “Pero kung minsan ilang buwan bago mabenta ang isang property, so you need to purchase a lot. It means, more capital too.”

“Kaya nga hindi ako puwede diyan, eh. Taga-compute lang ako.”

They both laughed, and he liked the sound of her laughter. It pierced through his heart and somewhat touched something there until he felt it beating faster,

and he felt warmer. If he were to be honest, he liked the company of this woman a lot. He'd never known anyone who struck him this much the instant he first saw her face and made him feel so comfortable in just a few minutes later.

“You’re an accountant?” he guessed.

“Paano mo nalaman?”

He grinned. “Sino pa ba’ng nag-co-compute ng assets kundi accountants,” he replied and she smiled, probably impressed.

Tumunog ang kanyang cellphone. Pagtingin niya sa screen ay ang secretary niya ang tumatawag. “Yes, Vicky?” he answered.

“Sir, tumawag po kanina si Mr. Go. Eight na lang daw po siya pupunta sa office. Bigla daw po kasing nagkaroon ng emergency.”

“Gan’un ba? Okay, I’m on my way.” Pagbaba niya ng telepono ay inubos niya ang laman ng kanyang tasa at ibinalik sa tray bago siya tumayo. “Thank you very much for your hospitality but I really need to go.”

“Are you sure?” balik nitong tumindig din. “You might want to take a shower first.”

“No, thanks. Dadaan pa naman ako sa bahay,”

sagot niyang pinulot ang wallet sa mesa at inilabas lahat ng natitira niyang cash. “Sorry, this is all I have. Please take it as payment for your help.”

To his surprise, umiling ito. “You don’t have to. Hindi naman ako naniningil, eh.”

“Please, I insist.”

“I meant to help. I don’t like any payment.”

Nag-isip ng sasabihin si Zion. Nauunawaan niya ang paninindigan ng mga taong ganito. Siya man kung may tinulungan siya ay ayaw niyang binabayaran siya.

Nasulyapan niya ang suot niyang relo. Regalo iyon ng kanyang ina, ngunit iyon lamang ang maibibigay niya.

Quickly, he put the notes back in his wallet and unfastened the wristwatch. “Please take it. It’s a gift so you will remember me.”

Nakabuka ang mga labi nitong tumingin sa iniaabot niya. She had such wonderful luscious red lips he was tempted to reach out and taste it. But he disregarded the idea. Ngayon lamang niya ito nakilala, kapag ginawa niya iyon ay baka sampalin siya sa magkabilang pisngi. Malaki ang utang-na-loob

niya rito, kaya dapat lang niya itong irespeto.

“Please?” he said again before she hesitantly opened her hand to accept it. He smiled and closed her fingers over the watch he put on her palm. “Thank you very much. I will forever be grateful to you.”

Pilit ang ngiti nito. “No problem,” she replied.

He held her hand a second longer before he released it and picked up his keys. Lalabas na sana siya nang parang may bigla itong naalala.

“Wait a minute,” anito at may kinuhang nakasabit sa likuran ng upuan. “You almost forgot.”

Nangiti siyang tinanggap ang kanyang suit jacket at sabay silang lumabas ng kuwarto. Inihatid siya nito sa kung saan nito ipinarada ang kanyang kotse.

“Oh, my God!” she exclaimed all of a sudden and ran toward the car.

Sinundan niya ito, at nang tingnan niya ay binasag pala ang bintana ng kanyang kotse sa pag-aakalang may mananakaw roon ang sinumang gumawa niyon.

“I knew it,” she said, turning back to him. “May mga iniwan ka ba ditong mga valuables mo aside sa mga binigay ko sa ’yo?”

Umiling siya. “I don’t keep valuables there. Don’t worry about that window. Mabuti nga at hindi ninakaw ’yung gulong.”

Nagbuntong-hininga ito. “Pasensya ka na, ha. Ganito dito sa lugar namin. Kaya next time, huwag kang magagawi dito sa gabi.”

“Understood,” he replied and opened the door of his car. Bago siya pumasok ay muli niya itong tiningnan. Maliban sa katotohanan na gustong-gusto niyang pinagmamasdan ang napakaganda nitong mukha, parang ayaw pa niyang umalis doon.

Iniwang niya ang mga hawak niya sa loob ng sasakyan at muli itong nilapitan. Standing a foot before her, he struggled for something to say.

“I want to thank you again,” he said. “I owe you big.”

Nangiti ito sa paulit-ulit niyang pasasalamat. “You’re welcome.”

He stared at her face, then taking a deep breath, he suddenly hugged her tight, pressing her cheek against his chest. Napapikit pa siya nang maamoy ang bango ng buhok nito.

“Goodbye,” he whispered and pulled away.

Throwing her one final glance, he entered the car and left.

Nakangiting pinanood ni Adette ang papalayong kotse. Nang wala na ito ay naglaho ang ngiting iyon at napahawak siya sa kanyang pisngi. She couldn't understand why she found his embrace so wonderful. She could still feel the roughness of his chesthair that pressed against her cheek.

“Oh, don't be silly,” she scolded herself and left the area. Dapat ay magpasalamat siya at wala na ang lalaking iyon. Wala na siyang aalalahanin pang atraso niya rito.

Natigilan siya nang maalalang hindi pa pala niya alam ang pangalan nito. Pero mabuti na rin siguro iyon dahil hindi naman na sila magkikita pa ng kung sinumang lalaking iyon. Kahit ito pa ang pinakaguwapong lalaki sa mundo, kapag nalaman nitong siya ang humampas sa batok nito ay siguradong magagalit ito at baka idemanda pa siya. Isa pa'y girlfriend yata nito ang tumawag kanina, kaya nagmadali itong umalis. Sa guwapo at yaman nito ay imposibleng wala itong kasintahan.

3

Napapabuntong-hininga na sumandal si Zion sa backrest ng driver seat. Matindi ang traffic, at ang mga sasakyan sa paligid niya ay bumubusina. Naiintindihan niya kung bakit umiinit ang ulo ng mga tao sa ganitong sitwasyon, but he wouldn't be like them. As a businessman, he had always kept his cool. It was his secret to success dahil hindi nag-aalinlangan ang mga taong lumapit sa kanya. Problema nga lang ay baka hindi na niya maabutan si Vincent sa opisina nito.

Vincent Villaroel was his half-brother. Nalaman lamang niya ang bagay na iyon nang mamatay ang ama niya noong nakaraang taon. Naka-confine noon si Antonio Tavaréz sa ospital nang nagbilin itong nais siya nitong makausap nang mag-isa. Inamin nito na bukod sa kanya ay may apat pa raw itong mga anak sa labas na pawang kalalakihan din.

Hinanap niya ang mga ito, ngunit isa lamang ang natagpuan niya bago namatay si Antonio, at iyon ay si Vincent. Villaroel daw ang apelyido ng stepfather nito, kaya iyon ang ginamit nitong pangalan. Ganoonpaman, kahit papaano ay nabigyang

kasiyahan niya ang kanyang ama bago ito nilagutan ng hininga.

Hindi roon nagtapos ang pangarap niyang mahanap at mabuklod ang kanyang mga kapatid. Kahit nang wala na ang kanyang magulang ay nagtulungan sila ni Vincent na hanapin ang tatlo pang pangalan na binanggit ni Antonio. Nasa abroad ang dalawa, at ang isa ay hindi pa nila alam kung nasaan.

Kahit kulang man sila ng isa ay gusto pa rin niyang matuloy ang nakaplano nilang reunion. Iyon ang dahilan kung bakit nais niyang makausap si Vincent, dahil nakausap daw nito ang dalawa nilang kapatid na nakatira na sa ibang bansa.

Alas cinco y media na nang dumating siya roon. Pagpasok niya sa opisina ni Vincent ay nadatnan niya itong may kausap sa telepono. Pinaupo siya ng secretary nito sa sofa at binigyan ng kape habang naghihintay. Ilang minuto lamang ay nilapitan siya ng kapatid at masaya silang nagyakapan.

“Nice to see you again, Bro,” anito na nakaupo na sa tapat niya. “Balita ko ikaw daw ang nanalo sa bidding n’ung ten hectares lot? Ano’ng balak mong gawin doon?”

Zion laughed. Halos lahat yata ng kinakausap

niya ay iyon ang tinatanong. “I’m thinking of building a subdivision. Maganda ’yung lugar, tahimik at hindi masyadong malayo sa sentro. So, I think that should be a good idea.”

“Excellent. I’m sure mag-uunahan sila diyan. Baka pati ako mapabili.”

“Oh, you don’t need another house. But if you decide to get married, I will build you a big house there as your wedding gift.”

Napalakas ang tawa ni Vincent. Alam niyang ni minsan ay hindi talaga sumagi sa isip nito ang pag-aasawa. “Ten years pa siguro bago mangyari ’yan.”

“I don’t believe you. I heard you were caught dating a supermodel just last month,” pambubuska niya.

“That’s just a date, Bro. Ibang usapan ang pag-aasawa.”

“A date can lead to a marriage.”

“Oh, shut up. As of now, I still enjoy being a bachelor. Don’t you?”

“Of course I do,” sagot niya at naisipang ibahin ang kanilang usapan. “So ano’ng sabi nina Leander?” he asked, referring to his other half-brother who was

now based in Hawaii. “Can they come?”

Vincent chuckled, abruptly unhappy. “I tried to convince them, pero busy raw sila.”

“Both of them?”

“That’s what they said.”

Zion could not speak, then sighed in frustration. Parang hindi interesadong makipagkita ang dalawang kapatid niyang iyon.

“I’m thinking, Bro,” anito, “why don’t you invite them on your wedding? Baka hindi na nila matatangihan ’yun.”

Natawa siya na para bang iyon na ang pinakanakatawang birong narinig niya. “Whoever told you that I am getting married?”

“Di ba may girlfriend ka?” paalala nito. “You’re twenty-eight. It’s about time you settle down.”

“It’s not because I have a girlfriend that I am already planning to get married. You said it. We both enjoy being single.”

“Nas’an na pala ’yung girlfriend mo? Hindi mo pa ipinapakilala sa akin, ah.”

Zion’s smile faltered. Naalala niya si May. It had

been weeks since the last time he saw her. Hindi niya alam kung bakit ito biglang naglaho. The last time they spoke was when he invited her to dinner with Vincent. Mula noon ay hindi na niya ito ma-contact at hindi rin ito sumipot sa dinner.

Umiling siya at minabuti na huwag na lamang magsalita tungkol sa bagay na iyon. Baka pagtawanan siya nito.

“But you know, Bro,” Vincent said, “I don’t really think you’re that serious with your girlfriend.”

Nakataas ang isa niyang kilay na tumingin dito. “How can you say that?”

“Because I do not see that glow on your face. You know men who are really in love have that certain glow, and they look so happy... you know.”

Napangisi siya. “That’s just your crazy idea. As far as I’m concerned, I’m in love with her. Don’t I look happy?”

Nagkibit-balikat na lamang ito at hindi na nakipag-argumento sa kanya. Ngunit nang mapag-isipan iyon ni Zion, baka nga tama ang kapatid. Sa tingin niya ay may pagtangi siya kay May. He admired her so much, but something was missing everytime they were together—he still felt empty, a kind of

emptiness that was filled in by a woman whose name he didn't even know. That angel he saw the moment he woke up in a strange room. Eversince that day, she had always been in his dreams.

Iwinaksi niya sa isip ang mga bagay na iyon at bumalik sa katinuan nang marinig niyang nagsalita si Vincent. Sa ilang sandali pa'y pinag-uusapan na nila ang naging pag-uusap nito sa kanilang mga kapatid. Na-distract siya nang may isang babaeng nagsalita sa kanyang likuran.

“Excuse me po, Sir Vince,” the sweet voice said. “Can I have a few minutes, please?”

Zion looked up. That voice seemed so familiar to him.

Quickly, he turned his head to see the visitor, and he swore it was that same woman who helped him on that night he was attacked. This was such a big surprise for him. Hindi niya inakalang muli niya itong makikita, at lalong hindi niya inakalang namamasukan pala ito sa bangko ni Vincent.

He stood up and turned to meet her. He forgot to ask her name before, now he had to know.

Gulat na gulat si Adette nang humarap sa kanya ang bisita ni Vincent. This man! Kahit isang linggo na ang lumipas ay hindi niya maaaring makalimutan ang mukha nito na paulit-ulit niyang nakikita sa kanyang panaginip. Hindi siya makapaniwalang kakilala pala ito ng boss niya.

“Hi!” nakangiting bati nito. She knew then that he remembered her too. “I didn’t expect to see you here. You work here?”

Hindi siya makapagsalita. Pinangarap niyang muling makita ito, ngunit ngayong natupad ang kanyang pangarap ay namayani ang kanyang kaba. “Y-yes,” was all she could say with a gasp. Kahit sa harapan ni Vincent na boss niya ay hindi pa siya ninerbyos ng ganito.

“Magkakilala kayo?” tanong ng lalaki na tumayo rin at lumapit sa kanila.

“Yes,” sagot ni Zion. “She helped me just a week ago when I ran into trouble.”

“Talaga? Bakit? Ano’ng nangyari sa ’yo?”

Hindi ito sigurado kung ano ang dapat sabihin. Mukhang hindi nito aaminin kay Vincent ang nangyari rito. “It was nothing,” he replied and returned his attention to her. “I forgot to ask your name.”

“Oh, me too,” sagot niya at sabay silang tumawa. Napakaganda talagang pakinggan ang mababa nitong tinig, parang musika sa kanyang pandinig. “I’m Bernadette Rodriguez. You may call me ‘Adette’.”

“Zion,” sagot nito at kinamayan siya. “Zion Tavares.”

Her face burned when she felt the warmth of his hand clasping around hers for longer than it should be. Bukod pa roon, nakatitig ito sa kanya na para siyang tinutunaw.

“Ahem,” ang tunog na nagmula sa lalamunan ni Vincent. Lumapit ito sa kanya at kinuha ang hawak niyang folder. “You may both sit down and talk. Ako na ang bahala dito.”

“Ay, nakakahiya naman, Sir. Sandali lang po ako dito. Meron pa akong gagawin sa office.”

Sinulyapan nito ang wall clock. “Dismissal na, and besides, may bisita ka. It’s rude to turn your back on your visitor.”

Hindi siya nakaimik nang tumalikod ito at nanunukso ang tingin na sumulyap pabalik. “By the way, Zion’s my brother if you still don’t know.”

Tulala siyang tumingin kay Zion na napangiti

sa reaksyon niya. Napakamalas yata niya at kapatid pala mismo ng boss niya itong nabiktima niya. Double trouble kumbaga. Kailangan siguro niyang doblehin ang kanyang panalangin para hindi siya mabuko, kung hindi ay siguradong ma-te-terminate siya sa trabaho at makukulong pa.

“Did it surprise you?” tanong nito.

Tumangu-tango lamang siya. Mayamaya ay sinenyasan siya nito na maupo. He returned to his seat while she took the couch that Vincent vacated. Kinakabahan siya ngunit hindi siya nagpahalata.

“As Vincent said,” he started, “we’re brothers.”

“P-pero bakit magkaiba ang apelyido ninyo?”

“That is because we’re half-brothers. His mother got married, kaya ’yung last name ng stepfather niya ang ginamit niya.”

“Hoy, huwag ako ang pagtsismisan n’yo diyan,” biglang sabat ni Vincent na noon ay nakaupo sa desk at binabasa ang laman ng folder.

“Sorry po, Sir,” aniya. “Naintriga lang po ako.”

“Huwag ako ang kausapin mo. May bisita ka diyan.”

She compressed her lips and shyly glanced at Zion who was grinning at her. “How’s your head? Hindi na ba ulit sumakit?”

“It was painful for two days, pero okay na ngayon.”

“Sana nagpa-checkup po kayo para sigurado.”

“I did. Wala naman silang nakitang injuries, so I’m fine.”

Lihim na nakahinga nang maluwag si Adette. Sa wakas ay malinis na ang kanyang konsyensya. Kailangan na lamang niyang ilihim na siya ang pumalo rito. Hindi naman iyon mahirap dahil mukhang hindi siya nito namukhaan.

“Uhm... Adette,” he said, as though unsure how to continue, “do you have time after work?”

“Absolutely,” si Vincent ulit ang sumagot. “Dismissal na. Wala nang pupuntahan ’yan.”

“Shut up, Vince,” ani Zion dito at muling humarap sa kanya. “Or you still have things to do?”

“Nope. She is not allowed to work overtime.”

Kahit kinakabahan siya sa nais sanang sabihin ni Zion ay natatawa siya sa pananabad ni Vincent.

“I said shut up,” he said. Mukha itong naiinis pero nakangiti pa rin, kaya alam niyang nagbibiruan lamang ang magkapatid.

“What? Ayaw mo n’un, tinutulungan kita?” Vincent reasoned out, laughing quietly.

Biglang tumayo si Zion at hinila siya palabas ng office. “Pagpasensyahan mo na ’yan.”

Natatawa siyang tumango habang nakatayo sila sa corridor. Alam niyang binibiro lang sila ni Vincent, kaya hindi niya dapat bigyang kahulugan iyon. “Mapagbiro talaga si Sir kung minsan.”

He rolled his eyes. “As I was saying, do you have time tonight? I mean right now?”

Bernadette knew he would invite her out, ngunit may kailangan muna siyang tapusin. “Not for the next thirty minutes,” sagot niya.

He smiled and nodded. “So can I invite you for dinner after work?”

She had never felt her heart swell so big. Sabi na nga ba’t iyon ang sasabihin nito sa kanya. Tulad niya, siguro ay may paghanga rin ito sa kanya. Nakikita niya iyon sa mga mata nito.

“Sure,” she replied. “If you can wait.”

“I don’t mind waiting.”

Nahiya siyang ngumiti at dahan-dahang lumayo.
“I’ll see you later then.”

Naramdaman ni Adette ang pamumula ng kanyang mga pisngi nang matapos maibigay ang menu sa waiter na kumuha ng kanilang order ay napansin niyang nakatitig sa kanya si Zion. Puno ang restaurant nang gabing iyon, ngunit para bang siya lamang ang nakikita nito.

“Aside from your name,” anito, “I forgot to tell you something.”

Tumaas ang isa niyang kilay. “Ano ’yun?”

“That you’re very beautiful.”

Lalong uminit ang kanyang mga pisngi. Nang hawakan niya ay halos mapaso pa ang kanyang palad. Nililigawan nga yata siya ng lalaking ito; hindi lang nito masabi nang derecho. Iniisip pa lang niya iyon ay kinikilig na siya. Gusto rin sana niya ang binata, ngunit mukhang hindi magiging madali ang lahat, lalo na’t may mabigat siyang atraso rito.

“Thank you,” she replied. “You too. You’re the best-looking man I’ve ever seen.”

He smiled, the sweetest smile she had ever seen from him. “Wow! I’m flattered. Thank you. So that makes us a perfect couple then,” biro nito na sabay nilang tinawanan.

Natahimik sila nang sumunod na minuto, at naaasiwa siya roon. Ngunit si Zion ay parang kontento nang nakatitig sa kanya. Nararamdaman niya ang malakas na tibok ng kanyang puso, isipin pa lamang na maaaring may gusto sa kanya ang lalaki.

“Uhm... Zion...” she started, her voice unsteady. “Nagtataka lang ako. What were you doing on that road that night? Alam mo kasi delikado doon kapag gabi, eh. Maraming mga tambay na loko-loko.”

Napatingin ito sa kanya na parang nagulat sa kanyang sinabi. “Really? I didn’t know that.”

“Nakita mo naman ang nangyari sa kotse mo. Pinaayos mo na ba pala ’yung window mo?”

“Yes. I had it fixed on that same day.”

Tumango siya at naisip niyang alamin kung ano ang balak nito sa salarin. “How about that woman who hit you? Wala ka bang balak magdemanda?”

Hindi ito kaagad nakasagot. Parang pinag-iisipan nito ang kanyang sinabi. “I thought about that, but

I wasn't able to have a look at her face. Kung hindi lang siguro ako busy, talagang ipapahanap ko kung sino 'yun."

Napalunok si Adette. Hindi pa pala siya safe dito. Mukhang hindi magkakatotoo ang pinapangarap niyang maging kasintahan ito, kahit ba nagpapakita ito ng pagtangi. "So what were you doing there?" Kanina pa niya iyon gustong malaman.

Zion took a deep breath. "I was looking for someone. Nalaman ko kasi doon siya nakatira so I thought I might ask someone there if they know her."

Bahagyang napaawang ang kanyang mga labi. "Sino naman ang hinahanap mo doon?"

For a reason she couldn't understand, his face darkened. Parang bigla itong nalungkot, at bigla siyang nakaramdam ng hindi maganda. "My girlfriend," sagot nito.

She was paralyzed, then her heart sank so deeply it almost took the life out of her. Sa isang iglap ay naglaho ang kilig na kanina lamang ay nararamdaman niya. Nagkamali siya. Wala pala itong pagtingin sa kanya. Para tuloy gusto niyang takpan ang kanyang mukha sa labis na kahihyan.

Animo'y sinabuyan siya ng malamig na tubig

nang makita niyang ngumiti si Zion. Siguro ay napansin nito ang kanyang pagkatulala.

“G-girlfriend n’yo?” she struggled to say. Pinilit niyang pasiglahin ang kanyang boses kahit gusto na niyang mag-walk out. “Doon nakatira ’yung girlfriend ninyo?”

“Yes. Pero hindi ko alam kung saan doon. So I went there hoping that someone there might help me find her.”

“Girlfriend n’yo siya pero hindi n’yo alam kung saan nakatira?”

Napakamot ito sa likuran ng tainga. “Yun nga ang nakakatawa. Ayaw niya kasing ihatid ko siya dahil delikado raw ’yung lugar nila. The more that I wanted na ihatid siya para masigurado ko ang safety niya the more she refuses. I don’t know strict nga siguro ’yung parents niya, as she said.”

Tumaas ang isa niyang kilay. “Bata pa ba siya?”

“She’s only twenty-two. Medyo matured nga lang ang hitsura niya because according to her, she’d been working hard eversince she was in high school.”

Lalong nawalan ng pag-asa si Bernadette. Dakilang babae pala ang girlfriend nito, kaya nagpapakahirap

ito na maghanap. “B-baka matulungan kita diyan. Marami na rin akong kakilala doon.”

He smiled again. “Kaya nga kita niyaya, because I want to ask you a favor.”

Lalong nanikip ang kanyang dibdib na para bang may sumasakal sa kanyang puso. Iyon lang pala ang dahilan. Akala pa man din niya ay romantic date iyon. “Ano ba’ng pangalan niya? I might know her.”

“May,” he replied. “May Ocampo.”

Napamulagat siya at hindi nakagalaw. Tama ba ang kanyang narinig? Si Mayang! Si Mayang ang girlfriend nito?